Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-11 NG ENERO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni (Nakabakasyon) |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 05-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NI KAGAWAD ALVIN SALVADOR LABAN KAY PUNONG BARANGAY CELSO M. HERNANDEZ NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS, KAUGNAY SA KASONG ADMINISTRATIBO B1G. 07-2020.**

**AKDA NINA: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** noong 14 Setyembre 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng sinumpaang reklamo laban kay Kapitan Celso M. Hernandez ng Barangay Tikay at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 21 Setyembre 2020. Noong 02 Oktubre 2020 ay pinadalhan at natanggap ni Kapitan Hernandez ang kopya ng reklamo na may tagubilin na siya ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 19 Oktubre 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ni Kapitan Hernandez;

**SAPAGKAT,** ayon sa reklamo ni Kagawad Alvin Salvador ng Barangay Tikay, isang maselang transaksyon diumano ang naganap sa kanilang barangay patungkol sa natuklasan niyang ilegal na paniningil ng *Garbage Fee* sa North Madison Place at Malolos Heights Subdivision, na parehong sakop ng Barangay Tikay. Idinagdag pa ni Kagawad Salvador na ang nasabing *Garbage Fee* ay hindi pumapasok sa pondo ng kanilang barangay bagama't ang basurang nalilikom mula sa dalawang subdivision ay isinasama sa basura ng barangay na sa kasalukuyan ay ibinabayad nila sa isang pribadong garbage collector mula sa pondo ng barangay;

**SAPAGKAT,** ayon naman sa sinumpaang kasagutan ni Kapitan Hernandez, lubos niyang itinanggi ang paratang laban sa kanya. Aniya, lahat ng mga ibinabayad ng mga pribadong subdivision ay napupunta sa mga *Garbage Collectors*. Mapapatunayan din ito ng katitikan ng *Session* sa Barangay noong 10 Hulyo 2020, na lakip din sa reklamo ni Kagawad Salvador, kung saan ay sinabi mismo ng isa sa mga *Garbage Collectors* na si G. Romeo Reyes na sa kanilang tatlo nga napupunta ang perang ibinibigay ng mga pribadong subdivision;

**SAPAGKAT,** noong 10 Nobyembre 2020 ay ipinatawag para sa isang pagdinig ang magkabilang panig na may tagubilin na isama ang kanilang mga testigo at dalhin ang lahat ng dokumentong hawak nila na magpapatibay ng kanilang panig. Dumalo rin ang tatlong *Garbage Collectors* na nabanggit sa liham reklamo na sina G. Romeo Reyes, G. Rolando Postrero at G. Ador Sagun;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** batay sa pagtatanong ng mga bumubuo ng Lupon, mariing itinanggi ni G. Romeo Reyes na may natatanggap si Kapitan Hernandez mula sa mga ibinabayad ng pribadong subdibisyon para sa paghahakot ng kanilang basura. Aniya, silang tatlo lamang na *Garbage Collectors* ang naghahati-hati sa nasabing bayad bilang pangkain nila at pang-uwi sa kani-kanilang mga pamilya;

**SAPAGKAT,** tinanong ng Lupon si Kagawad Salvador kung may naisama siyang testigo na magpapatunay sa kanyang reklamo, subalit tumugon siyang hindi niya naisama ang kanyang testigo;

**SAPAGKAT,** buong pagsang-ayong tinanggap ng bumubuo ng Lupon ang sagot ng magkabilang-panig at dahil sa walang matibay na ebidensya ang magpapatunay sa reklamo ni Kagawad Salvador laban kay Kapitan Hernandez, napagkaisahan ng lahat na ito ay ipawalang-saysay;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Dennis D. San Diego** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-saysay ang reklamo ni Kagawad Alvin Salvador laban kay Punong Barangay Celso M. Hernandez ng Barangay Tikay, Lungsod ng Malolos sa kadahilanang ito ay walang basehan sa batas at sa mga tunay na kaganapan, kaugnay sa Kasong Administratibo Blg. 07-2020.

**IPINASIYA PA RIN,** na bilang rekomendasyon sa Barangay Tikay ay marapat na may katumbas na *Official Receipt* ang anumang halagang tinatanggap sa kanilang barangay upang maiwasan ang anumang pagkalito sa hinaharap. Sa pagkakataong ganito, na may ibinabayad ang mga pribadong subdibisyon para sa pagkolekta ng kanilang basura at wala namang kaakibat na Ordinansa o *Revenue Code* sa barangay, maaaring ilagay sa *Official Receipt* na *Donation* ang nasabing kabayaran.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

*hindi nakadalo

*DhorieTrogo(SDC2)*01112021*